34/04.08

# LIBERATION

SPECIAL ISSUE 1 PUBLISHED BY THE NATIONAL DEMOCRATIC FRONT OF THE PHILIPPINES NOV. 20, 1986

# Only we can save ourselves

Today, we march in sorrow and in hope as we accompany our comrades Rolando Olalia and Leonor Alay-ay to their graves.

May the mother earth receive their bodies gently! May their martyr's blood cause the full flowering of justice, freedom and democracy in our land, so that one day we may all live in harmony and love! May their cries of protest be transformed into a song of peace!

The Filipino people have fought long and hard against tyranny and repression. Countless lives have been sacrificed in the continuing struggle of generation after generation to liberate ourselves from local and foreign oppressors. Through this painful yet glorious struggle, we have grown ever stronger and emerged always victorious. Only last February, a hateful dictatorship was overthrown after fifteen years of unrelenting battle on all fronts.

But history never stands still. As soon as a battle has been won, a bigger one lies ahead. We have booted out Marcos, but fascist rule threatens to return. Our people are as poor as they were. Our nation is still held in bondage by foreign interests. Peasants and workers, fighting for their rights, continue to be tortured, imprisoned and shot dead by the armed forces of the state. The newly installed government is being torn apart by factional strife.

Fellow countrymen, our salvation lies in our hands! We must dare to fight on — if not for ourselves now, then for our children tomorrow. We must overcome our fear by seeking new ideas, taking concrete practical action, and sharing in each other's commitment to the building of a better life for all. We must know our enemies, resolve to defeat them, and destroy their structures that enslave us. We must organize to defend and advance the gains of the people's democratic revolution, and forge the strongest and broadest possible unity among ourselves.

For it is only we, the broad masses of the Filipino people, who can save ourselves. Not any foreign power, not the local ruling classes who oppose fundamental changes in our society. Not any individual, however well-intentioned, can save us. We — the tens of millions of toiling people in the countryside and cities, the numberless democrats and patriots in the professions, the churches, schools, offices, business and industry, the tribal communities — we shall have the courage, the will and the strength to conquer and to build the future.

Long live the heroes and martyrs of the Filipino people!

Long live the people's revolutionary struggle!

Fight for justice, freedom and democracy to attain genuine and lasting peace!

NATIONAL DEMOCRATIC FRONT
November 20, 1986

JANIE L. AMBROSIO
KOLEKSYON

Taliba ng Bayan

TANGING ISYU BLG. 3 | INILATHALA NG NATIONAL DEMOCRATIC FRONT OF THE PHILIPPINES | NOB. 20, 1986

# Tayo lamang ang makasasagip sa sarili

Ngayong araw na ito, magkahalo ang pagdadalamhati at bagong pag-asa na ihinahatid natin sa kanilang puntod ang ating mga kasamang sina Rolando Olalia at Leonor Alay-ay.

Tahimik nawang humimlay ang kanilang mga bangkay sa lupang tinubuan! Ang kanilang dugong martir nawa'y ganap na magpamulaklak sa katarungan, kalayaan at demokrasya sa ating bayan, nang lahat tayo'y makapamuhay balang araw nang nagkakasundo't nagmamahalan! Nawa'y magwakas sa awit ng kapayapaan ang bulalas ng kanilang pagtutol!

Matagal na't mahigpit na nakikihamok ang sambayanang Pilipino laban sa tiraniya at panunupil. Napakarami nang buhay ang naialay sa walang-tigil na pakikibaka ng sunud-sunod na mga henerasyon upang tayo'y makalaya mula sa mga mang-aaping dayuhan at lokal. Sa pamamagitan ng dakila ngunit mapait na pakikibakang ito, lagi tayong lumakas at lagi tayong nakaraos nang matagumpay. Nito lang nakaraang Pebrero, napabagsak ang isang kamuhi-muhing diktadura makaraan ang labinlimang taon ng walang-puknat na pakikipaglaban sa lahat ng larangan.

Subalit hindi humihinto ang kasaysayan. Sa sandaling naipagwagi ang isang labanan, higit na malaking labanan ang namumuo. Napalayas na natin si Marcos, ngunit nagbabantang manumbalik ang pasistang paghahari. Ganoon pa ring nagdarahop ang taumbayan. Iginagapos pa rin ng mga banyagang interes ang ating bansa. Ang mga magsasaka't manggagawang ipinaglalaban ang sariling karapatan ay patuloy na sinasaktan, ikinukulong at pinapatay ng armadong lakas ng estado. Winawarat ng nagbabangayang mga paksyon ang bagong gubyerno.

Mga kababayan, nasa ating mga kamay ang sariling katubusan! Kailangan tayong mangahas na ipagpatuloy ang pakikipaglaban — kundi man para sa atin mismo ngayon, para man lamang sa mga anak natin bukas. Kailangan nating pangibabawan ang takot, sa pamamagitan ng paghahanap sa mga bagong ideya, ng kongkreto't praktikal na aksyon, at ng nagkakaisang determinasyon na likhain ang mas magandang buhay para sa lahat. Kailangan nating kilalanin ang ating mga kaaway, buuin ang ating loob na sila'y gapiin, at kailangang wasakin ang mga istrukturang itinatayo nila para tayo alipinin. Mag-organisa tayo upang ipagtanggol at isulong ang mga nakamit na ng demokratikong rebolusyong bayan, at buuin natin ang pinakamatibay at pinakamalawak na pagkakabigkis ng sambayanan.

Sapagkat tayo lamang, ang malawak na masa ng mamamayang Pilipino, ang makasasagip sa sarili. Hindi ito gagawin ng alinmang kapangyarihan na banyaga, o ng mga katutubong naghaharing uri, na humahadlang sa mga pundamental na pagbabago sa ating lipunan. Hindi tayo kayang sagipin ng sinumang indibidwal, gaano man kabuti ng kanyang loob. Tayo — ang ilampung milyong anakpawis sa kanayunan at kalunsuran, ang di-mabilang na mga demokrata't makabayang nasa mga propesyon, mga simbahan, iskwelahan, upisina, negosyo't industriya, sa mga tribung minorya — tayo ang magkakaroon ng tapang, kapasyahan at lakas na makapanaig at magbubuo ng bagong kinabukasan.

Mabuhay ang mga bayani at martir ng sambayanang Pilipino!

Mabuhay ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan!

Ipaglaban ang katarungan, ang kalayaan at ang demokrasya upang makamit ang tunay na kapayapaang di maglalaho!

NATIONAL DEMOCRATIC FRONT
Nobyembre 20, 1986

DANTE L. AMBROSIO
KOLEKSYON